

United Church of Church in the Philippines
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:
Spirituality for these Critical Times

Ikaapat na Linggo ng Pamamayani ng Diyos (4th Sunday in Kingdomtide)
Ika- 17 ng Setyembre 2017
(Aralin para sa Nursery, Kinder at Younger Elementary)

“Ang Pagtitiyaga Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”
(Patience as a Kingdom Value)

Araling mga Talata sa Biblia

Lumang Tipan: *Isaiah 40:28-31* (Magandang Balita Biblia)

Di ba ninyo alam, di ba ninyo talos, Na itong si Yahweh ang walang hanggang Diyos? Siya ang lumikha ng buong daigdig, Hindi siya napapagod; Sa isipan niya’y walang makatatarok. Ang mga mahiha’t napapagal ay pinalalakas. Kahit ang kabataan ay napapagod at nanlulupaypay. Ngunit ang nagtitiwala kay Yahweh ay magpapanibagong sigla. Ang lakas nila’y matutulad sa walang pagod na pakpak ng agila. Sila’y tatakbo nang tatakbo ngunit di manghihina, lalakad ng lalakad ngunit di mapapagod.

Panaghoy 3:26

Pinakamabuting magagawa ng tao ay maghintay sa pagliligtas na gagawin ng Panginoon.

Bagong Tipan: *Lucas 8:15*

Ang nahasik naman sa matatabang lupa’y ang mga nakinig ng salita. Iniingatan nila ito sa kanilang pusong tapat at malinis at sila’y nagtitiyaga hanggang sa mamunga.

Pangkalahatang Kaisipan: Ang pagtitiyaga ay nangangahulugan ng hindi pagpapatalo sa anumang kabiguan o sa kawalang pag-asa sa pagdating ng pagliligtas.

Susing Kaisipan: Ang iglesya ay matiyagang naghihintay sa pagdating ni Jesus

Paliwanag Ukol sa Teksto

Ipinapakita ng Isaias 40:28-31 ang kapangyarihan at malasakit ng Diyos sa kanyang bayan, ang Israel. Ngunit hindi nila kinilala at pinanghawakan ang kapangyarihan ito ng Diyos at ang kanyang tulong lalong lalo na nang silay mabihag at mapatapon sa Babilonia. Sa kalagayang sitwasyong inialis sila sa kanilang bayang sinilangan, nagsimula silang mabuhay sa pagkalito, kaguluhan, kawalang pag-asa at kawalang pananampalataya kay Yahweh. Nagsimula rin silang matuksong isiping mas makapangyarihan ang diyos na si Marduk ng mga taga Babilonia kaysa sa kanilang Panginoon. Dumaan sa krisis ang mga Israelita kung mananatili ba sila sa pananampalataya o tuluyang iiwan ang kanilang pananampalataya at pagkakakilanlan bilang bayan habang sila ay namumuhay sa isang lupaing banyaga.

Madaling maunawaan kung bakit nanghihina ang kanilang pananampalataya sa ganitong magulong sitwasyon. At tila nalilimutan na rin nila ang mapangligtas na biyaya ng Diyos nang sila ay hanguin at palayain mula sa pagkaalipin sa Egipto at nang sila'y sagipin at iligtas mula sa pang-aapi at pang-aalipin ni Haring Paraon. Sa kabila ng lahat, binibigyan diin sa mga tekstong ito ang di kumukupas na kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos sa kanyang bayan sa kabila ng malaking krisis na kanilang kinakaharap. Nagbigay katiyakan ang mga propeta sa nagpapatuloy na kahabagan at pag-ibig ng Diyos at kailanman ay hindi pababayaan ng Diyos ang Israel, ang bayang kanyang pinili. Ang pag-ibig at mapagbiyayang kapangyarihang ito ng Diyos ang nagpatatag doon sa mga patuloy na naghihintay sa Diyos at may matiyagang pananampalatayang hindi sumusuko, at lumalakad ayon sa kalooban ng Diyos. Nangako ang Diyos na kailanman ay hindi nya bibiguin ang sinumang nagtitiwala sa Kanya, bibigyan niya ng kalakasan ang mga matiyagang naghihintay sa kanyang pagliligtas.

Sa Lukas 8:15, na bahagi ng talinghaga ng manghahasik, ay binanggit ang tungkol sa binhing nahulog sa mabuting lupa. Ang mabuting lupa ay maaring kumakatawan sa mabuting puso na buong tiwala at matiyagang naghihintay sa Panginoon. Ang pusong naghihintay ng may katiyagaan sa paglilitas ng Panginoon ay tatanggap ng katuparan ng pangako ng Diyos sa ayon sa kapanahunan. Lahat ng gagawin natin ay hindi mawawalang kabuluhan, kung ginagawa natin ang ministeryo ng Diyos at paglilingkod sa kapwa ng may kagalakan. Kung hindi tayo sumusuko sa anumang sitwasyon at kahirapan sa halip ay nagtitiwala sa kapangyarihan at pagliligtas ng Panginoon, hindi niya tayo iiwan ni pababayaan man. Tulad ng mabuting lupa, lahat ng binhing natanim sa ating puso ay magbubunga at hindi tayo manghihina sa panahon ng kaguluhan dahil alam natin na ang Diyos ng katarungan at kapayasaan ay hindi lumilimot sa kanyang pangako.

Gabay sa mga Guro

Ang paghihintay sa pagliligtas na gagawin ng Diyos ang s'yang pinakabuod ng ating pananampalataya. Sa pag-asam sa pagbabalik ng Panginoon, na kung saan magiging ganap ang kanyang pamamayani, nananatili ang iglesya "pansamantala", sa panahon ng paghihintay. Kaugnay nito, ang pinakamahalagang katangian ng pamamayani ng Diyos ay ang pagtitiyaga. Ngunit ano nga ba ang kahulugan ng pagtitiyaga sa paghihintay sa katuparan ng pamamayani ng Diyos?

Una, ang pagtitiyaga na nakabatay sa pananampalataya ay lumilitaw sa panahong nagtatalo (o may bangga) ang pag-aalinlangan at katiyakan. Palaging may sangkap ng pag-aalinlangan ang pananampalataya. Ang pag-aalinlangan ay nagpapakita ng pangangailangan na patuloy na manatili sa pananampalataya sa panahon ng kawalang katiyakan. Sa ibang salita, ang pag-aalinlangan ay pumipigil upang ang paghihintay ay hindi matalo ng kawalang interes at pakutyang isipan. Si Propeta Jeremias man ay palagi ring dinaratnan ng pag-aalinlangan na sa ilang pagkakataon ay nagtatanong sa pagiging makatarungan ng Diyos.

Pangalawa, Ang pagtitiyaga ay ginagatungan ng pananabik upang magawang magpatuloy. Sa kinalaunan, ang pagtitiyaga ay nauubos kapag ang pananabik ay nawala. Ang paghihintay ng may pananampalataya ay hindi kawalan ng paggawa o pagkilos kundi ito'y aktibong paggawa at pagkilos ng may pananabik, may paninindigan sa pagdating ng pamamayani ng Diyos, at pagiging handa dito. Ipinakita ng mga unang Kristyano ang aktibong paghihintay nang sila ay humayo at sa kanilang paghayo ay patuloy silang dumarami habang naghihintay ng pagbabalik ng Panginoon. Pinatunayan din ito ng mga namulat sa pananampalatayang Protestante, nakapagtayo sila ng

marami pang mga iglesya dahil sa pagpapahayag ng Mabuting Balita ng pagsapit ng pamamayani ng Diyos.

At pangatlo, ang matiyagang paghihintay sa pagdating ng pamamayani ng Diyos ay pinupunuan ng pag-asa. Ang matiyagang paghihintay ng may pananampalataya ay hindi lamang nakabatay sa mga bagay na hindi nakikita kundi sa mga bagay na may basehan o batayan- sa karanasang nangyayari sa buhay at sa kasaysayan. Patuloy na nagpahayag ang mga propeta sa pagdating ng mapangligtas na pamamayani ng Diyos sa kanyang bayang Israel, sa kabila ng naranasang pagsakop ng ibat-ibang bansa. Ibinalangkas ni Jesus ang pamamayani ng Diyos sa karanasan ng mga mahihirap nang kanyang kapanahunan. Ganito rin natin hinaharap ang mga nararanasan natin sa kasalukuyan-marapat na nagtuturo ng katiyagaan; puno ng pag-asa sa pagdating ng pamamayani ng Diyos. (*Isinalin sa Tagalog ni Rev Orpha Malizon*)

Layunin:

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga bata ay inaasahang:

1. Maipaliwanag ang kahulugan ng tiyaga, binibigyang pansin na Salita ng Diyos, panapanahon.
2. Ilarawan ang mga paraan ng pagpapakita ng tiyaga.
3. Ipakita ang pagtitiyaga.
4. Sabihin na nagtuturo ng tiyaga ang iglesya kung naghihintay sa muling pagbabalik ni Jesus.

Mga Gagamitin: Biblia, larawan ng prutas na may buto at bond paper

Kasanayang Pagkatuto:

A. Panimulang Gawain:

1. Panahon ng Pagtanggap: Magiliw na batiin ang mga bata. Ihatid sila sa kanilang upuan.
2. Panimulang Panalangin:

Dakilang Diyos na makapangyarihan sa lahat, nagpapasalamat po kami na kasama ka naming sa araw na ito. Dalangin naming na turuan kami ng bagong aralin na magpapasigla sa amin upang malaman pa ang iyong mga kabutihan sa amin. Ito po ang aming hiling. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

3. Pambungad na Awitin;

a. "Read Your Bible, Pray Every Day"

Read Your Bible, pray everyday, pray everyday pray everyday
And you'll grow, grow, grow. (twice)
Read our Bible pray everyday and you'll grow, grow, grow.

b. "With Christ as My Vessel"

With Christ as my vessel I can smile at the storm, smile at the storm, smile at the storm
With Christ as my vessel, I can smile at the storm, Until he guides me home

Chorus:

Sailing, I am sailing home (twice), With as my vessel I can smile at the storm
Until he guides me home.

Kung S'ya'y nasa akin may ngiti ring akin, kahit bagyo ay dumating,

Kung S'ya'y nasa akin may ngiti ring akin, hanggang ako'y kunin.

Chorus:

Sa aking paglalayag, sa aking paglalayag,
Kung S'ya'y nasa akin may ngiti ring akin, hanggang ako'y kunin.

B. Paghahanda sa Aralin:

1. Isaayos ang klase sa paglalaro

A. Para sa Nursery/Kinder:

Puweding madali ka?

Maghanda ng ice cubes, na pare-pareho ang laki. Ilagay ang ice cubes sa bandehado. Maglaan sa bawat bata ng isang ice cube bandehado. Itala ang oras nang tanggapin ang kaganutan. Sabihin sa mga bata na magsalita sila tungkol sa natanggap na gamit. Sabihin na ang laro ay karera—kung kanino ang pinakamabilis matunaw. Maaaring hipan ang ice cube o hingahan, subalit huwag hihipuin. Pagkasunduan ng lahat sila ay puweding magpatuloy sa aralin, habang paminsan-minsan ay binabalika ang ice cubes kung tunaw na. Italaga ang oras ng pagkatunaw.

B. Para sa Younger Elementary:

“Gaano ka katiyaga?”

Maghanda ng hiwa ng hilaw na saging ang bawat bata. Sabihin sa bata na kumuha ng isang hiwa at tikman ito. Ilarawan ang kanilang napagmasdan. Inaasahan na di nila magugustuhan ang lasa. Ipaui ang saging at hintaying mahinog. Patikman sa mga bata ang hinog na saging at iulat ang kanilang karanasan sa susunod na pagkikita.

2. Pagtatalakayan ng ginawa/Gawain:

A. Nursery Kinder:

Akayin ang mga bata na may mga bagay na hindi mabibigla dahil may kanya-kanyang panahon para mayari ito.

B. Para sa Younger Elementary:

Gamitin ang nakaraan karanasan ng mga bata na ilarawan ang pagkakaiba ng hinog sa hilaw na saging. Ipaala-ala sa kanila, na may mga bagay sa buhay na nangangailangang maghintay ng tamang panahon para maging handa.

C. Talakayan:

1. Maghanda ng prutas na may buto (melon, bayabas, guyabano, langka at iba pa) iyong mayroon sa inyong lugar. Gayatin nang maliliit na putol at ipamigay sa mga bata. Bago tikman, bayaang ilarawan muna ito. Habang kumakain ng prutas, ipa ipon ang buto sa isang sisidlan. Pahulaan kung ilang buto ang kanilang naipon.
2. Sabihin: Guni-gunihin na ang prutas ay nagsimula sa isang butong itinanim sa lupa. Bakit kaya ang isang buto ay sumibol at lumagong halaman at namunga pa? Asahan ang possible tugon tulad ng: Tinulungan ng ulan upang lumago. Mataba ang lupa kaya lumago. Ang init ng araw ang nagpalago sa halaman. Sariwa ang hangin kaya lumago ang halaman.

Ginamas ang nakakasirang damo, kaya lumago ang halaman. Akayin ang mga bata na sabihin na ang Diyos ang tumulong kya lumago ang halaman. Ibinigay ng Diyos ang araw, ang ulan ang hangin at ang matabang lupa. Ito ang mga sama-samang puwesa na tumutulong upang tumubo ang buto. maging halaman at namunga.

3. Sabihin sa klase na pag-aaralan nila ang bindi na nahulog sa matabang lupa. Basahin ang Lukas 8:15. “Ang mga nahasik naman sa matabang lupa’y ang mga nakinig ng salita. Iniingatan nila ito sa kanilang pusong tapat at malinis at sila’y nagtitiyaga hanggang sa mamunga.
4. Iugnay ang buto ng prutas na kanilang kunain ay tulad sa Salita ng Diyos. Ang matabang lupa ay katulad ng taong nakarinig ng Salita ng Diyos. Ang bunga ay parang yong taong gumagawa ng mabuting bagay para sa iba dahil ito ang kalooban ng Diyos. Tayo ay parang matabang lupa. Bilang mga Kristiyano, pinag-aaralan natin ang salita ng Diyos na matiyaga upang maunawaan ang kalooban ng Diyos. Nagtitiwala tayo sa Diyos at matiyaga umaasa sa kanyang mga pagpapala. Tulad ng binhi/buto na lumagong halaman at namunga. Tayo man ay makagagawa ng Mabuti sa iba o sa kapwa sa ngalan ng Diyos.

D. Pagbabahanginan:

Talakayin ang Aralin:

1. Ano ang kinakatawan ng binhi? (Salita ng Diyos)
2. Saan nalaglag ang binhi? (sa matabang lupa).
3. Ano ang kinakatawan ng matabang lupa? (ang mga nakinig ng Salita)
4. Ano ang ginawa ng mga nakarinig ng Salita ng Diyos? (Ibinalita sa iba ang Maabuting Balita ng Pagibig ng Diyos at planong pagliligtas sa mga naniniwala sa Diyos)
5. Ano ang kinakatawan ng bunga? (Ang mabuting ginawa ng mga nakinig ng Salita ng Diyos.)
6. Paano inihalintulad ang binhi na nalaglag sa matabang lupa sa atin bilang Kristiyano? (Bilang Kristiyano matiyagang nag-aaral tayo ng kanyang salita, ginagawa natin ang kalooban ng Diyos at matiyaga tayong naghihintay sa Diyos, upang gawin ang kanyang kalooban sa tamang panahon)
7. Ano ang magagandang gawain na kaya mong gawin? (Mabuhay na kalugud-lugod sa Diyos. Pag-aralan ang salita ng Diyos at ibahagi sa iba . Dumalo at makilala sa Sunday School. Magtiwala sa oras ng Diyos sa may biyayang kaloob. Ipanalangin ang lahat nyong binabalak at matiyagang maghintay sa kanyang mga tugon.

E. Aral Mula sa Bibliya:

Itanong: Bilang anak ng Diyos at kaanib ng iglesia paano mo ipinakikita ang matiyagang paghihintay ng muling pagbabalik ni Jesu-kristo, ang anak ng Diyos?

(Tayo ay matiyagang nag-aaral ng Salita ng Diyos. Aing ginagawa ang kalooban at mg autos ng Diyos tayo ay nagtitiwala sa Diyos, at matiyagang naghihintay ng kanyang mga pagpapala.

F. Pagsasabuhay:

1. Para masukat kung gaano katiyaga ang mga bata, papag-laruin sila ng “interrupting game”. Sabihin sa mga bata na mag-aaral silang mang-abala na may paggalang o magalang na pang-aabala. Manghanda ng apat na situasyon. Ipakita ang dalawang magulang na nag-uusap at isang bata na gusting mang-abala sa nag-uusap. Papiliin ang mga bata kung alin ang pinakamainam at pagtalakayan ito.
 - a. Sitwasyon 1. Isang bata ang patuloy na nagtatanong sa nanay habang ang nanay ay may kinakausap.
 - b. Sitwasyon 2. Isang bata ang patuloy na nakatayo sa tabi ng magulang na nag-uusap upang iparamdam na may sasabihin siya.
 - c. Sitwasyon 3. Tinapik ng bata ang balikat ng isang magulang at sinabing—mayroon akong sasabhin. Pagkatapos, tumayo ang bata sa tabi at naghintay ng magiging tugon.
 - d. Sitwasyon 4. Hinipo ng ang bata ang balikat ng isang nanay. Hindi inalis ang kamay sa balikat, tumayo, walang kibong naghihintay ng tugon.

2. Para sa Nursery/Kinder:
Maghanda ng larawan ng apat ng sitwasyon. Hayaang mamili ang mga bata kung alin sa mga larawan ang nagpapakita ng tiyaga.
 - a. Paghihintay ng berdeng ilaw bago tumawid ng kalsada
 - b. Pag-aralan kung paano ang pagtatali ng sintas ng sapatos.
 - c. Nagtataklob ng mga tenga kung may sinasabi ang magulang.
 - d. Masayang naggagawa ng takdang aralin.

3. Para sa Younger Elementary:
Ipabasa ang mga pangungusap sa mga bata. Ngumiti 😊 kung nagpapakita ng tiyaga, Sumimangot ☹ kung hindi nagpapakita ng tiyaga ang bawat kilos.
 - a. Maghihintay ako ng aking pagkakataon sa pagbili ng pagkain sa kantina.
 - b. Ako’y napapagod making sa mga paala-ala ng magulang.
 - c. Ako’y nahihirapang tumahimik sa loob ng silid-aklatan.
 - d. Ako’y mahinahong humuhingi ng tulong kung mahirap ang gawain.
 - e. Nasisiyahan akong tumulong sa aking nakababatang kapatid sa kanyang mga takdang aralin.
 - f. Patuloy akong nananalangin para sa mga hinihiling ko at matiyagang naghihintay ng kasagutan.

G. Patatapos:

1. Talatang sasauluhin:
“Pinakamabuting magagawa ng tao ay buong tiyagang maghintay sa pagliligtas ni Yaweh”
(Panaghoy 3:26)

2. Paghahandog:

3. Panapos na Awitin: “Walking With Jesus”
Walking with Jesus, walking everyday, walking all the way

Walking with Jesus, walking with Jesus alone.

Paala-ala:

Palitan ang Walking with Jesus ng Walking in the sunshine at walking in the shadow

4. Panapos na Panalangin:

Mabuti at makapangyarihang Diyos, Salamat po sa pagtuturo sa amin ng kahalagahan ng pagtitiyaga. Tulungan mop o kaming laging maala-ala na Mabuti ang malugod na paghihintay sa muling pagdating ng Panginoon. Amen. (*Isinalin sa Wikang Pilipino ni: Mrs Rosario C. Bruno, UCCP Nasugbu, Batangas, CWA-BAC*)